


Ang letsugas (*Lactuca sativa L.*) ay kilala bilang pangunahing sangkap sa *vegetable salad*. Ito ay mayaman sa fiber na nakatutulong sa pagtunaw ng ating pagkain. Maraming uri ang letsugas pero ang mas kilala ay ang *leafy type* na karaniwang ginagamit sa mga salad at kasamang gulay sa *burger*. Bukod sa *leafy type*, mayroon pang ibang uri ng letsugas, ito ay ang *head type*. Sa Pilipinas, ang mga nangungunang rehiyon na nagtatanim ng letsugas ay ang CAR, Region X at Region VII.



Pamamahala sa Punlaan at Pagpapatubo ng Buto

Ang isang ektarya na taniman ay nangangailangan ng 150 - 200 gramo ng buto.

Pagpapatubo ng Buto

1. Maghanda ng limang kamang taniman na may sukat na 1x10 bawat isa.
2. Pagkatapos maghanda ng kamang taniman, haluan ng isang kilong *decompost chicken dung* at 300 gramo ng inuling na ipa (*carbonized rice hull*) kada metro kuwadrado.
3. Ibadad sa maligamgam na tubig ang buto sa loob ng apat na oras. Matapos na maibabad ang buto, patuyuin ito sa hangin.
4. Kung tuyo na ang buto, pwede na itong ipunla.



Pagpupunla

1. Sa pagpupunla, diligan ang kamang punlaan ng *wood vinegar* upang mapatay ang mga *pathogens* sa lupa. Kung

walang *wood vinegar*, pwede ring gumamit ng *Indigenous Micro-organisms (IMO)*.

2. Gumawa ng mga maliliit na mga kanal na may pagitan na 7-10 cm bawat isa. Ito ang magsisilbing punlaan ng letsugas.
3. Ilagay ang mga buto ng letsugas at tabunan lamang ito ng manipis na lupa sa ibabaw.
4. Lagyan ito ng pinakakilib na tinadtad na dayami.
5. Kung ang sibol nito ay mayroon nang dalawang dahon, maaari na ito paghiwa-hiwalayin at ilipat sa *seedling tray* o punlaan.
6. Diligan araw-araw ang mga punla at gumawa ng pansamantalang habong o lilom sa panahon na tag-araw at sa panahon naman ng tag-ulan, mainam na gumamit ng bubong na plastic upang hindi direktang tamaan ng ulan ang mga punla (*rain shelter*).
7. Unti-unti nang sanayin ang mga punla sa klima na kanyang paglilipatan sa pamamagitan ng pagbabawas ng tubig at dahan-dahang pagbibilad sa araw upang maiwasan ang pagkabiigla at *stress* ng halaman.
8. Makalipas ang 3 linggo, maaari nang maglipat-tanim.



Paghahanda ng Lupang Taniman

1. Araruhin at suyudin ang lupa ng dalawang beses.
2. Maghanda ng mga kamang taniman na may sukat na 1m x 10m at may pagitan na 0.75 m bawat kamang taniman.
3. Lagyan ng 1 kilo ng *decompost chicken dung* at 300 g na inuling na ipa kada metro kuawrado.
4. Sa pagkikilib naman, maaaring gumamit ng dayami, inuling na ipa o *plastic mulch*.
5. Pagkatapos na malagyan ng kilib, gumawa ng mga butas na may sukat na 30 - 40cm x 30 - 40cm. Gumawa ng dalawang linya para sa *head type* at tatlóng linya naman para sa *leaf type*.



Paglilipat ng Punla sa Kamang Taniman

1. Diligan ng *tea manure* o tubig ang mga ginawang butas.
2. Pagkatapos na madiligan, maaari nang maglipat-tanim.
3. Maglagay lamang ng isang punla kada butas. Maglipat sa dakong hapon upang maiwasan ang pagkalanta ng mga punla. Magtanim muli kung merong mga namatay na tanim.

Paglalagay ng Abono

1. Sa panahon ng paglilipat tanim, maglagay ng 10 gramo ng *complete fertilizer* (14-14-14) kada butas bilang paunang abono.
2. Pagkalipas ng 15 hanggang 30 araw pagkalipat-tanim, maglagay ng padalawang abono na may sukat na 1:1 ng *urea* (46-0-0) at *muriate potash* (0-0-60) at may dami na 5 gramo bawat halaman para sa *head type*. At para naman sa *leaf type*, gumamit ng *urea* (46-0-0) na may sukat na 5 gramo bawat halaman pagkalipas ng 15 araw pagkalipat tanim.
3. Maglagay ng *tea manure* at binurong katas ng halaman kada isang linggo upang madagdagan ang kalakasan at tibay ng halaman laban sa peste at sakit dulot ng *fungus*.

Paggawa ng Tea Manure

1. Mangolekta ng tuyong dumi ng hayop tulad ng baka, kalabaw at kabayo.
2. Ibadad ang kalahating sako ng dumi ng hayop sa *plastic drum* na may laman na 189.25 litro ng tubig sa loob ng isang linggo.
3. Lagyan ng pabigat upang di lumutang ang sako na naglalaman ng dumi ng hayop. Pagkalipas ng isang linggo, maaari na itong gamitin bilang foliar at idilig sa lupa.

Paggawa ng Binurong Katas ng Halaman (Fermented Plant Juice)

1. Mangolekta ng mga halaman na mabilis sumibol tulad ng talbos ng kangkong, kamote, alugbati, balinghoy. Maaari ring gumamit ng katawan ng saging na upang mas dumami ang sabaw ng halaman.

Paalala: Mura at walang bungang saging lamang ang gamitin.

2. Timbangin at gayatin ang mga nakuhang sangkap. Dagdagan ng kaparehong dami ng *molasses* o pulang asukal. Pagkatapos na mapaghalo lagyan ng pangalan at iburo ito sa loob ng isang lingo bago ito gamitin.

Doses: 2 kutsara ng FPJ sa 1 litrong tubig.

Pangangalaga Laban sa Peste at Sakit

Ang dalawang karaniwang peste ng letsugas ay **semi-looper** at **aphids**.



semi-looper



aphids

Para mapuksa ito, magdikdik ng sili na may sukat na 100g sa 16 litro ng tubig at dagdagan ng isang kutsara ng kinaskas na sabong perla bilang pinakanatural na pamatay peste.

Karaniwang sakit naman ng letsugas ay *bacterial rot*.

Upang maiwasan ito, gumamit ng kilib (mulch) at pagbibilad ng kamang taniman sa init ng araw sa loob ng isang linggo bago maglipat-tanim.



bacterial rot

Mga Gawain sa Pag-aani at Pagkatapos Mag-ani

Ang *leaf type* na uri ng letsugas ay kelangang anihin ng 30 araw pagkatanim o di kaya ay mas mababa pa depende sa pangangailangan at sa merkado. Samantalang ang *head type* naman ay 45- 60araw pagkalipat-tanim o di kaya ay kung buo na ang ulo nito.

Sa bukid pa lamang, pagbubukud-bukurin na ang maliliit, malalaki at katamtamang sukat nito upang mas mapabilis ang pagpapake nito. Sa pagpapake naman, ilagay ito sa kahon na may butas upang mapanatiling sariwa ang letsugas.

Isinalin sa wikang Tagalog mula sa babasahing
"Lettuce Production Guide"
Information Bulletin No. 150-1/2012



Agricultural Training Institute—MiMaRoPa

Information Services Section
Barcenaga, Naujan, Oriental Mindoro



(+63) 939-9166-473 / (+63) 917-843-2654



www.ati.da.gov.ph/mimaropa



atibarcenaga@yahoo.com



ati-mimaropa naujan



ati-mimaropa naujan



@atimimaropa



LETSUGAS

